



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Protektahan ang iyong mga debit/credit card

Habang umuusad tayo patungo sa isang lipunan na walang ginagamit na cash, ang paggamit ng debit at credit card sa halip na cash ay pangkaraniwan na.

Ang iyong mga kard ay nagtataglay ng napaka-personal na impormasyon na kung hindi mapangangalagaan, ay maaaring kopyahin o manakaw. Ito ay maaaring maging daan upang ma-akses ng mga kriminal ang iyong mga pondo o identidad.

Narito ang ilang simpleng hakbang na maaari nating gawin upang maprotektahan ang ating mga impormasyon sa kard laban sa ganitong uri ng krimen.

Protektahan ang iyong card

- **HUWAG** kaligtaan ang iyong mga debit at credit card.
- **IPILIT** na gawin ang transaksyon sa harap mo.

Protektahan ang iyong PIN

- **HUWAG** ibahagi ang iyong PIN kanino man.
- **TAKPAN** ng iyong kamay habang naglalagay ka ng iyong PIN.
- **PALITAN** nang regular ang iyong PIN.

Protektahan ang iyong akawnt

- **HUMILING** ng rehistradong sulat o kunin mula sa sangay ang kahaliling kard at impormasyon ng PIN.
- **SIGURUHING** naitapon ang impormasyon sa pagbabangko, mga bill at mga na-expire/hindi na kailangang mga card sa pamamagitan ng paggutay (shredding) sa lahat ng mga dokumento.
- **LAGING** i-tsek kung tugma ang iyong mga financial statement at mga pinamili. Kung may makikita kang tila hindi tama, kontakin kaagad ang iyong institusyong pinansyal.

Protektahan ang iyong card online

- **GUMAMIT** ng rekomendadong mga elektronikong opsyon (enabler) sa pagbabayad kapag bumibili sa online.
- **MAG-INSTALL** at magpanatili ng anti-virus/anti-malware software sa iyong aparato.

Kung naniniwala ka na ikaw ay naging biktima ng isang paglabag na may kinalaman sa cyber - iulat ito kaagad sa www.acorn.gov.au

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil ng krimen bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au

Protektahan ang iyong sarili laban sa panlililalang



Justice



Triple Zero (000)

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalagay ang buhay sa panganib.



Police Assistance Line (131 444)

Para sa mga hindi emerhensiya.



Crime Stoppers (1800 333 000)

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.